Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
Pagdaraos ng mga Libing

Kamakailang mga Pagbabago:
11/3/20: Ang mga indibidwal na may mga sintomas sa palahingahan o lagnat ay dapat sabihang umuwi ng bahay. Inirerekomenda na tawagan nila ang kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) tungkol sa pangangailangan para sa pagsusuri sa COVID-19 at pagbubukod.

Ang mga libing at mga serbisyo sa libingan ay maaaring maganap sa sumusunod na mga kinakailangan:

- Ang mga serbisyo ay maaaring maganap sa labas (ng gusali) ayon sa kagustuhan ng pamilya at mga kaugalian sa relihiyon.
  - Walang limitasyon sa mga bilang ng dadalo sa labas(ng gusali) hangga't ang pisikal na pagdistansya na 6 na talampakan ay napapanatili sa pagitan ng mga partido mula sa parehong sambahayan.
- Ang mga pagsasaayos ay inilugar para gawing ligtas na gamitin ng mga dadalo ang mga banyo sa mga panlabas na kaganapan. Maaring pumili ang lugar na magbigay ng portabol na banyo at mga gamit sa paghugas ng kamay o maaring ipagamit ang mga banyo sa loob ng gusali. Kung gagamitin ang mga banyo sa loob ng gusali, ang mga sumusunod na pagiingat ay dapat isaalang alang:
  - Mayroon dapat tiyak na ruta na minarkahan mula sa labas hanggang sa lokasyon ng banyo sa loob ng gusali.
  - Gumamit ng tape or iba pang marka upang masiguro na nasusunod ang pisikal na pagdistansya kung kinakailangan na pumila sa banyo ng mga dumalo.
  - Hinihikayat ang mga dadalo sa kagapanapan na gamitin lamang ang banyo kung kinakailangan upang maiwasan ang pagdami ng tao.
  - Ang mga pasilidad sa banyo ay nasa maayos na kondisyon at may sapat na sabon at isahang panggamit ng tuwalya lang ang pahihintulutan na kailangan sa paghugas ng kamay.
  - Ang mga pasilidad sa banyo ay binago upang maipatupad ang pisikal na pagdidistansya sa labas ng mga cubicles.
  - Ang kawani (o mga kawani kung mayroong mahigit sa isang panloob na banyo) na mayroong suot na telang pantakip sa mukha ay italaga sa pasukan ng banyo ngunit kinakailangang may 6 na talampakang layo sa pinakamalapit na papasok or palabas na tao upang subaybayan kung okupado ang gusali at paggamit ng mga takip sa mukha.
- Ang mga tuntunin sa pisikal na pagdistansya ay dapat na masunod.
  - Tandaan na ang mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya ay HINDI nalalapat sa mga miyembro ng iisang sambahayan. Ang mga indibidwal na magkakasamang naninirahan ay maaaring umupo o tumayo katabi ng isa't isa na may 6 na talampakang agwat sa pagitan ng mga grupo ng sambahayan at sinumang iba pang mga dadalo.
  - Ang mga kawani ng libing ay maaaring gabayan ang mga dadalo sa mga puwesto na 6 na talampakan ang layo, gumamit ng mga marka para tukuyin ang naaangkop na pag-aagwat o gumamit ng iba pang mga paraan para tiyakin ang isang sapat na distansya sa pagitan ng mga nagdadalamhati.
  - Ang mga magulang o iba pang mga miyembro ng sambahayan ay dapat na siguruhin ang ligtas na partisipasyon ng mga batang dumadalo. Depende sa edad ng bata at kagustuhan ng pamilya:

        - Ang mga bata ay maaaring kargahin o ilagay sa isang stroller o iba pang carrier habang ginagawa ang serbisyo;
        - Ang mga bata ay maaaring umupo o tumayo sa tabi ng isang responsableng adulto; o
        - Ang mga bata ay maaaring pahintulutan na tumayo o umupo na malayo mula sa grupo ng mga nagdadalamhati ngunit sapat ang lapit para sa maingat na pagtingin ng isang adulto.
        - Responsibilidad ng inimbitahang pamilya na turuan ang kanilang mga anak na huwag humawak sa sinuman na hindi bahagi ng kanilang sambahayan o sa anumang bagay na hindi nila pag-aari.
    - Ang mga kawani ay gagamitin kung kinakailangan para siguruhin ang naaangkop na pisikal na pagdistansya at para patnubayan ang daloy ng mga tao sa magkakaibang mga yugto ng kaganapan.
- Dapat na gumawa ng mga hakbang para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga kasali sa serbisyo.
    - Ang mga imbitado ay dapat na turuan na huwag dadalo nang personal sa kaganapan kung sila ay kinilala na mayroong COVID-19, may mga sintomas na tumutukoy sa COVID-19* o nalantad sa sinuman na nasuring positibo para sa COVID-19.
    - Ang mga indibidwal ay dapat na tanungin (verbal screening) para sa mga sintomas sa panghinga (tulad ng pagubo, pangangapos ng hininga at hirap sa paghinga) o lagnat sa kanilang pagdating. Ang mga indibidwal na may mga sintomas sa palahingahan o lagnat ay dapat na sabihan na umuwi ng bahay.. Inirerekomenda na kanilang tawagan ang kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) tungkol sa pangangailangan para sa pagsusuri at pagbubukod. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidcare.
    - Ang mga indibidwal na nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit mula sa impeksyon ng COVID-19 (mga tao na ang edad ay 65 taong gulang o mas matanda pa, mga taong may malalang kondisyon sa palahingahan o immunity) ay hinihikayat na huwag dumalo para sa kanilang sariling proteksyon.
        - Ang serbisyo ay maaaring i-live stream para pahintulutan ang birtwal na partisipasyon ng sinuman na hindi ligtas na makakadalo (tingnan ang mga mapagkunan sa webcasting mula sa National Funeral Directors Association). Maaari rin itong kunan ng video o i-rekord para sa panonood kalaunan.
    - Ang lahat ng mga kasali, maliban sa mga bata na wala pang 2 taong gulang o mga indibidwal na may mga kondisyon na pinipigilan ang paggamit ng isang pantakip ng mukha tulad ng inirerekomenda ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, ay inuutusan na magsuot ng mga telang pantakip ng mukha sa lahat ng oras habang idinaraos ang pagtitipon ng libing.
    - Ang mga tisyu at hand sanitizer ay dapat na ipagkaloob para gamitin ng mga pamilya at kawani, at ang mga banyo ay dapat na may naitatabing sapat na gamit ng sabon at mga tuwalyang papel. Ang mga lalagyan ng basura ay dapat agad na magagamit para sa pagbasura ng mga tisyu at tuwalyang papel.
    - Ang mga tao ay hindi dapat hawakan o halikan ang katawan ng isang taong namatay sa COVID-19. Kung magaganap ang paghawak, ang tao ay dapat na hugasan ang kanilang mga kamay o gumamit ng hand sanitizer bago hawakan ang kanilang mga mukha at anumang bagay o sinumang tao.
    - Ang panlabas na mga pagsasaayos o outdoor settings ay dapat na gamitin sa kabuuan ng libing at kaugnay na mga serbisyo at kaganapan.

- Ang paggamit ng mga napagsasaluhang bagay ay dapat na limitahin kailanman maaari. Ang paggamit ng mga bagay, kagamitan, at/o mga gamit na maaaring mahirap na disimpektahin o gagawing mahirap para tiyakin ang pisikal na pagdistansya (hal., mga toldang pader) ay dapat na iwasan.
    - Kung ang isang programa ay pinagkaloob para sa kaganapan, dapat ito ay nasa anyo na patapon (disposable form).
    - Ang mga bagay na dapat ay pagsaluhan bilang bahagi ng partikular na serbisyo ay dinidisimpekta sa pagitan ng mga gumagamit.
- Walang self-serve o buffet na mga pagkain o inumin ang dapat na ialok.

- Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ay nagpapatnubay na ang “mga aktibidad tulad ng pagkanta at pag-awit ay kinokontra ang pagbawas sa panganib na nakamit sa pamamagitan ng anim na talampakang pagdistansya” dahil sa isang pinataas na posibilidad para sa pagkakahawa mula sa mga kontaminadong maliliit na patak na nailalabas sa paghinga.
    - Kung magagawa, ang mga aktibidad na ito ay dapat na gawin sa labas na may higit mas malaking pisikal na pagdistansya o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan (tulad ng internet streaming) na nagtitiyak sa indibidwal na miyembro ng pagtitipon-tipon na isagawa ang mga aktibidad na ito nang hiwalay sa kanilang sariling mga bahay.
    - Mangyaring suriin dito ang nabago na Gabay ng LA County para sa mga Lugar ng Pagsamba at mga Tagapagbigay ng mga Serbisyong Pangrelihiyon at mga Seremonyang Pangkultura .

* Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring kabilangan ng ilang kombinasyon ng sumusunod: lagnat, ubo, pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga, panggiginaw, sakit ng kalamnan o katawan, sakit ng ulo, namamagang lalamunan, pagtatae, pagkahilo o pagsusuka, o pagkawala ng panlasa o pang-amoy. Ang listahan ng mga sintomas na ito ay hindi kinabibilangan ng lahat ng sintomas.